

## Mga Karaniwang Itinatanong Tungkol sa Pangangailangan sa Dental ng mga Bata



**Q: Kailan dapat magpatingin ang aking anak sa isang dentista para sa unang pagkakatao**

Kapag tumubo ang unang ngipin ng bata o nag-isang taon na sila, alinman ang mauna.

**T: Gaano ko kadalas dapat dalhin ang aking anak sa dentista?**

Dapat magpatingin ang iyong anak sa dentista kada 6 na buwan para sa mga check-up, o batay sa inirerekomenda ng kanilang dentista.

**T: Ilang linis kada taon ang sakop ng Medi-Cal Dental para sa aking anak?**

Sakop ng Medi-Cal Dental ang mga paglilinis at check-up 2 beses kada taon para sa mga miyembro na wala pang edad 21, kasama ang malawak na range ng mga dental procedure. Sundan ang link para malaman kung ano ang sakop. https://smilecalifornia.org/wp-content/uploads/2021/01/Flyer-English-09-2019.pdf

**T: Mahalaga ba ang mga ngipin ng sanggol (baby teeth) ng aking anak? Dahil natatanggal naman ang mga iyon, mahalaga ba kung magkaroon ng sira ang mga ito?**

Ang isang bata ay posibleng magkaroon ng halos lahat o lahat ng ngipin ng sanggol, kilala rin bilang pangunahing mga ngipin, na napapalitan sa edad na 3. Hindi lamang mahalaga ang pangunahing ngipin para sa pagnguya at pagpapaganda, kundi nakakatulong din ito upang masiguro na may sapat na espasyo upang gabayan ang mga permanenteng ngipin na mailagay sa tamang puwesto kapag handa na sila. Ang mga pangunahing ngipin ay mahalaga para sa pag-unlad ng pagsasalita at para sa paglaki ng mga buto sa panga at kalamnan.

**T: Anong edad nagsisimulang sumibol ang permanenteng ngipin ng aking anak?**

Ang mga bata ay karaniwang nagsisimula na magkaroon ng unang permanenteng bagang sa edad na 6 na taon. Karamihan o lahat ng permanenteng ngipin ay karaniwang tumutubo sa edad na 13.

**T: Dapat bang magpa-sealant ang aking anak ng kanilang permanenteng mga bagang?**

Ang mga sealant ay napatunayang paraan upang makatulong na masugpo ang pagkabulok ng ngipin. Ang mga materyal na pang-sealant ay inilalagay sa maliit na bitak at uka sa mga bagang kung saan karaniwang nagsisimula ang sira, na isang epektibong paraan para matulungana ng iyong anak na manatiling walang sira ang ngipin.

**T: Dapat pang ipatanggal ng aking anak ang kanilang wisdom teeth?**

Depende kung ano ang puwesto ng wisdow teeth, kung mayroon bang sapat na espasyo sa bibig upang magkasya ang mga ito, o kung nagdudulot ang mga ito ng kirot o ibap ang mga isyu. Irerekomenda ng dentista ng iyong anak kung dapat bang tanggalin o hindi ang mga iyon.

**T: Paano ako makakahanap ng dentista na makakasundo ng aking anak, o isang densista na nag-aalok ng pampakalma o iba pang mga especialty procedure?**

Kung mayroon kang pribadong dental insurance, ang magandang lugar upang magsimula ay sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono o sa likod ng dental insurance card. Ang kinatawan ay tutulong sa paghahanap ng densista upang matugunan ang mga pangangailangan ng iyong anak.

Kung mayroon kang Medi-Cal Dental, maaari kang humanap ng dentista sa pamamagitan ng pagbisita sa https://dental.dhcs.ca.gov/Members/Medi- Cal_Dental/Find_A_Dentist/, o maaari kang tumawag sa Telephone Service Center Phone Line sa 1-800-322-6384.

Kung nakatira ka sa Sacramento County, ang iyong Medi-Cal Dental plan ay maaaring tinatawag na Dental Managed Care plan. Ang mga plan na ito ay Liberty, HealthNet at Access. Kung ang iyong anak ay may isa sa mga plan na ito, ang iyong anak ay itatalaga na sa isang espesipikong dental provider. Kung hindi mo alam kung saang provider nakatalaga ang iyong anak, maaari mong kontakin nang direkta ang plan. Kung kailangan mo ng kailangan ng specialty referral, o kung gusto mong ilipat sa nakatalagang dental provider ang iyong anak, maaari kang direktang tumawag sa plan para humingi ng tulong. Ang impormasyon ng kontak para sa bawat plan ay nakalista sa dulo ng dokumentong ito.

Maaari mo ring kontakin ang ACRC Service Coordinator ng iyonganak para sa karagdagang tulong. Ang ACRC ay may Dental Coordinator na maaaring magbigay ng karagdagang tulong.

**Q: Ano ang dapat kong gawin para tulungan ang aking anak na magkaroon ng mas magandang karanasan sa dentista?**

May ilang bagay na makakatulong sa mga bata na maging mas komportable kapag nagpapatingin sa dentista. Bago magpunta para sa unang appointment, magtanong kung mayroong oportunidad para sa bata na magpunta sa opisina, magsaliksik, at makilala ang mga tauhan. Hilingin sa mga tauhan na ilibot sila at hayaan silang hipuin ang ilan sa mga dental tool, maupo sa dental chair, atbp. Makakatulong din ang pag-eensayo sa "pagsusuri" ng mga ngipin ng iyong anak sa bahay gamit ang sipilyo habang nakahiga sila sa pahigang posisyon. Para sa mga dental appointment, maaaring makatulong ang pagdadala ng napiling mga bagay na pampakalma gaya ng mga iPad, headphone, paboritong laruan o kahit na mabigat na kumot. Kung ang iyong anak ay may pangangailangan sa sensorya, tiyaking alam ng mga tauhan at mapagbibigyan ang anumang espesyal na mga kahilingan gaya ng malabong ilaw, o maglaan ng mas tahimik na lugar ng hintayan malayo sa pangunahing silid ng hintayan. Maraming tanggapan ng pediatric ang masayang paunlakan ang mga espesipikong pangangailangan. Kontakin ang iyong dental plan o ang iyong ACRC Service Coordinator kung kailangan mo ng tulong na maghanap ng opisina ng dental na makakatugon sa pangangailangan ng iyong anak.

**T: Ano ang dapat kong gawin kung ang aking anak ay may dental emergency?**

Kung ang iyong anak ay may itinalagang dentista, tumawag sa lalong madaling panahon para humingi ng appointment. Kung ang iyong anak ay walang regular na dentista o sarado ang opisina ng dentista, tawagan ang numero sa likod ng iyong dental insurance card, o tawagan ang Medi-Cal Dental Telephone Service Center sa **1-800-322-6384**, para humingi ng tulong sa paghahanap. Maaari ka ring makakuha ng libreng transporasyon sa pamamagitan ng Medi-Cal kung walang bukas na mga opisina ng dental sa inyong lugar.

Para sa mga problema sa ngipin gaya ng matinding kirot, pamamaga, lagnat, nana o iba pang senyales ng impeksyon, dapat mapatingnan agad ang bata sa lalong madaling panahon, sa pamamagitan ng doktor, o sa pamamagitan ng agarang pangangalaga o emergency room.

**T: Paano kung kailangan ko ng tagapagsaling-wika o transportasyon para magpunta sa mga dental appointment?**

Tutulong ang Medi-Cal para sa masasakyan. Sakop ng Medi_Cal ang dalawang uri ng sasakyan: **Non-Medical Transportation (NMT)** at **Non-Emergency Medical Transportation (NEMT).** Ang Medi-Cal ay maaari ring magbigay ng tulong sa pagsasaling-wika. Tumawag sa Telephone Service Center Phone Line sa 1-800-322-6384 para humiling ng mga serbisyong ito.

Maaari mo ring kontakin ang ACRC Service Coordinator ng iyonganak para sa karagdagang tulong.

**Para sa higit pang impormasyon at sagot sa maraming iba pang karaniwang tanong, maaari mong bisitahin ang website ng American Academy of Pediatric Dentistry sa:** https://www.aapd.org/resources/parent/faq/

*Nasa ibaba ang impormasyong kontak para sa plan ng Medi-Cal Dental Managed Care ng Sacramento County. Kung hindi ka sigurado kung anong plano ang mayroon ka, maaari kang tumawag sa* ***Health Care Options sa 1-800-430-4263****, piliin ang option 2 at sundin ang mga prompt.*

| Access Dental Plan | Health Net Dental | Liberty Dental Plan |
|---|---|---|
| Telepono: (877) 821-3234<br>TTY/TDD: (800) 735-2929<br>E-mail:GMCMember@premierlife.com | Telepono: (877) 550-3868<br>TTY/TDD: (877) 550-3868<br>(TTY 711) | Telepono: (877) 550-3875<br>TTY/TDD (877) 855-8039<br>E-mail: info@libertydentalplan.com |